pambulsang patnubay ng Metro pocket guide

Metro
America's Best

07-4418TR ©2007 LACMTA

Ang Metro ay isa sa mga pinakamalaking ahensiya ng pampublikong transportasyon. Maihahatid namin kayo sa halos kahit saang lugar sa LA County.

Paano Paplanuhin ang Iyong Biyahe

Upang planuhin ang ruta na pinakamabuti sa iyo, gamitin ang aming Trip Planner sa metro.net o tawagan kami nang walang-bayad sa 1.800.COMMUTE.

UMABANTE SA METRO

Metro Bus

Ang aming mga bus ay naglalakbay sa karamihan ng mga pangunahing kalsada sa county, nag-aalay ng iba't-ibang uri ng serbisyo. Ang mga rutang Metro Local ay tumitigil sa bawat dalawang bloke at ang kalay ng mga ito ay orange (ang ilan ay puti na may mga guhit na orange). Ang mga rutang Metro Rapid ay mas mabilis, dahil ang mga ito ay tumitigil sa mga pangunahing intersekyon lamang; ang kulay ng mga ito ay pula. Ang mga rutang Metro Express ay naglalakbay ng mahahabang distansiya sa mga freeway at iang beses lamang tumitigil; ang kulay ng mga ito ay asul.

Metro Rail

Ang mga linyang Metro Blue, Green, Red ar Gold ay bumubo ng Metro Rail. May kabuuang 62 istasyon sa sistema, ang bawat isa ay nag-aalay ng maraming konekstyon ng bus.

Metro Orange Line

Ang Metro Orange Line ay isang bus-lamang na daan sa pagbahatid na tumatakbo sa silangan at kanluran sa gatawid sa San Fernando Valley sa pagitan ng North Hollywood at Warner Center. Ang kulay ng mga sasakyan sa linyang ito ay pilak at tinatawag ang mga ito na Metro Liners; tumitigil ang mga ito sa 13 istasyon, tumatakbong malaki ang pagkakatulad sa mga tren ng Metro Rail. Maraming konekstyon ng bus sa bawat istasyon.

Ibang mga Tagapaghatid

Maraming lokal na siyudad na nagpapatakbo ng mga karagdagang serbisyo ng bus sa kanilang mga lugar. Tandaan na ang mga tagapaghatid na ito ay may mga pasahe na iba sa Metro. Para sa impormasyon, tumawag sa 1.800.266.6883 o tingnan ang *metro.net*.

MGA IMPORTANTENG MATATAWAGAN

Paano Sasakay:	1.800.COMMUTE
Mga Komento ng Pasahero:	213.922.6235
Seguridad/Emerhensiya:	1.888.950.SAFE
Matatawagan Para sa Pagtaas sa Silyang May Gulong:	1.800.621.7828
Matatawagan Para sa May Kapansanan sa Pagdinig:	1.800.252.9040 (TDD)
Nawala at Natagpuan:	323.937.8920

IMPORTANT CONTACTS

How to Ride:	1.800.COMMUTE
Customer Comments:	213.922.6235
Security/Emergencies:	1.888.950.SAFE
Wheelchair Lift Hotline:	1.800.621.7828
Hearing Impaired Hotline:	1.800.252.9040 (TDD)
Lost and Found:	323.937.8920

As of July 2007

Tagalog

MGA PAYO SA PAGSAKAY

> Dumating sa iyong tigilan o istasyon nang maaga

> Tumayo nang malayo sa kalye o gilid ng plataporma

> Kumaway sa bus operator upang tumigil

> Hintaying makaalis ang mga lumalabas na pasahero, at saka sumakay

> Ang mga pasaherong gumagamit ng mga silyang may gulong ay maaaring humiling ng tulong ng operator upang makasakay at matatag na makapuwesto sa bus

> Tiyakin ang kaligtasan ng iyong mga personal na gamit

> Mangyaring huwag kakain, iinom, maninigarilyo o magpapatugtog ng malakas na musika

> Maging alisto habang naglalakbay at iulat ang anumang hindi pangkaraniwang nangyayari sa pamamagitan ng pagtawag sa 888.950.7233

> Humanda sa paglabas kapag dumating sa iyong tigilan

> Siguraduhin na nasa iyo ang mga gamit at lumabas na ginagamit ang pinto sa likuran

MGA PASAHENG PERA

Tala: Ang Metro Rail at ang Metro Orange Line ay tumatakbo sa sistema ng pagtitiwala. Walang mga konduktor na kumukuleksta ng mga tiket o mga trangkahang dadaanan. Pero ang mga inspektor ng Kagawaran ng mga Sheriff ng Los Angeles ay sapalarang nagsisiyasat upang malaman kung ang mga pasahero ay may mga balidong tiket o pases. Maaaring hindi ka masiyasat; pero kung masiyasat ka at wala kang balidong tiket, ang inspektor ng pasahe ay maaaring mag-isyu ng sitasyon at maaari kang multahan.

Ang dalawang batang wala pang 5 taong gulang ay maaaring maglakbay nang libre kasama ng bawat may sapat na gulang na nagbabayad ng pasahe.

Ang pagkain at pag-inom ay hindi ipinahihintulot sa sasakyan.

Mga Regular na Pasahe:

Di-Balikang Pasahe: $1.25

Isang Araw na Pasahe sa Metro: $5

(walang-limitasyong pagsakay sa halos lahat ng bus at linya ng riles sa buong araw)

Mga Pasahe ng Senior/May Kapansanan/ Medicare:

Di-Balikang Pasahe: 55¢

Isang Araw na Pasahe sa Metro: $1.80

Mga Matatanda na 65+ ang edad / May Kapansanan Off-Peak Base Fare: 25¢

Bumili ng Pases sa Araw kapag sumasakay sa alinmang bus ng Metro (walang pangsukli ang mga tsuper, kaya kailangan mo ng eksaktong pasahe), o sa sarilling-serbisyo na mga makina ng tiket sa mga istasyon ng Metro Rail at Metro Orange Line.

MGA ORAS

Karamihan sa Metro bus at mga linya ng riles ay nagsisimula mga 4 ng umaga at patuloy na tumatakbo hanggang mga hatinggabi.

Mas madalang ang mga ito sa mga huling bahagi ng gabi at sa araw ng Sabado at Linggo, kaya tingnan ang mga timetable sa metro.net upang makasiguro.

MGA PASES NA MAARING BILHIN NG MAAGA

Ang Metro ay may ibat ibang uri ng pases na magagamit para sa walang-limitasyong paglalakbay na maaaring bilhin nang maaga. Ang mga ito ay ipinagbibili sa higit sa 600 lokasyon, kabilang ang ilan sa mga supermarket at palitan ng tseke. Para sa isang kumpletong direktoryo ng mga bilihan ng pases, tumawag sa 1.800.COMMUTE o tingnan ang *metro.net*.

Lingguhang Pases - $17

Buwanang Pases - $62

Pases ng EZ transit - $70

(Magagamit sa Metro at sa maraming ibang mga tagapaghatid)